

Primary Care Liaison (Tagapamagitan ng Pangunahing Pangangalaga)

Makatutulong ba sa akin ang Team ng Primary Care Liaison?

Ang Team ng Primary Care Liaison ay isang serbisyo para sa mga taong may edad na 18 at pataas, na maaaring makinabang sa karagdagang suporta bukod sa kung ano ang available sa kanilang GP. Ang serbisyong ito ay nangangailangan ng referral mula sa iyong GP.

Ang Primary Care Liaison ay isang serbisyong pinangungunahan ng nurse, suportado ng mga consultant psychiatrist na tumutulong sa mga indibidwal na inirekomenda ng kanilang GP na may karaniwang problema sa kalusugan pangkaisipan tulad ng:

- Depression
- Anxiety
- Obsessive compulsive disorder
- Phobias
- Adjustment disorders
- PTSD post traumatic stress disorder.

Maaari rin naming suportahan ang mga taong may pirmihan at seryosong mga kondisyon sa kalusugang pangkaisipan na maaaring makinabang mula sa karagdagang suporta mula sa mga nurse ng kalusugang pangkaisipan.

Ano ang maiaalok ng Primary Care Liaison ?

Suporta

Ang Primary Care Liaison ay nag-aalok ng panandaliang suporta, nagtatrabaho kasama ka:

- Kapag ikaw o ang iyong GP ay maaaring mangailangan ng payo ng espesyalista sa paggamot at mga posibleng suporta na magagamit mo
- Upang matulungan kang pangasiwaan ang iyong pangkalusugan at kapakanang pangkaisipan
- Upang matulungan kang makahanap ng mga solusyon sa mga hamon sa buhay
- Upang matulungan kang makakuha ng payo at impormasyon mula sa espesyalista
- Upang matulungan kang bumuo ng mga kasanayan pag-aalaga sa sarili at sa pamumuhay
- Upang tukuyin ang iba pang mga serbisyo na maaaring makatulong sa iyo.

Pagpapagaling

- Galugarin ang iyong mga opsyon sa paggamot at suportahan ang iyong mga desisyon tungkol dito, kabilang ang pagsuporta sa pakikipag-ugnayan sa mga sikolohikal na therapy
- Gumawa ng isang plano, na iyong pangungunahan, na nagdedetalye kung paano matutugunan ang iyong mga pangangailangan, kung sino ang susuporta sa iyo at kung paano
- Mag-alok ng praktikal na suporta upang matulungan kang ma-access ang mga tamang serbisyo at suporta batay sa iyong mga pangangailangan, mga kagustuhan at mga opsyon na available sa iyo
- Pag-coordinate ng pangangalaga at suporta upang matulungan kang makamit ang iyong mga hangarin
- Makipagtulungan sa iyo para maiwasan ang relapse, kabilang ang pag-aayos ng iyong mood.